## *May mga paraan kung paano ka lalago sa iyong ugnayan kay Hesus:*



1. ***Magdasal.*** Makipag-usap sa Diyos! Kaibigan mo Siya!



2. ***Basahin ang Bibliya.*** Tandaan, ito ang ilaw mo!



3. ***Sambahin si Hesus!*** Pasalamatan ang Diyos para sa lahat ng ginawa Niya para sa iyo.



4. ***Mapabilang sa simbahan kasama ng iba pang mananampalataya ni Hesus.*** Magpatatag sa iyong bagong buhay kasama ang Diyos nang napapalibutan ng mga kaibigang nagmamahal din kay Hesus.

## BINABATI KITA!

Nagawa mo na ang pinakamahalagang desisyon ng buhay mo. Palaging tandaan na na kay Hesus ka! Mahal ka ng Diyos at mayroon Siyang magagandang plano para sa iyo!

Isulat ang pangalan mo rito:

MAHAL NI HESUS SI

........................................................................................................ !

CfaN CHRIST FOR ALL NATIONS

CfaN.org

TAGALOG

# Ano na'ng SUSUNOD?



## DANIEL KOLENDA

WNHS_Tagalog_Leaflet_Final.indd 2-3

2025/02/07 12:21:18

# YAY!!!

Pinili mo nang sumunod kay Hesus. Sinasabi sa Bibliya na may piging sa langit dahil sa iyo. Masaya rin kami dahil IKAW ay kabilang na sa pamilya ng Diyos! Ngayon, mayroon ka nang mga kapatid sa bawat bansa sa buong mundo!

Inihanda namin ang aklat na ito para sa iyo. Gusto naming ipaalala sa iyo kung ano ang ginawa ng Diyos para sa iyo. Gayundin, nais naming ibigay sa iyo ang mga susunod na hakbang sa bagong buhay mo kasama si Hesus. Gusto ka Niyang makilala at gusto Niyang makilala mo Siya! Labis ka Niyang mahal. Mayroon Siyang magandang plano para sa buhay mo!

## *Paano tayo naligaw?*


Ang kasalanan ay anumang bagay na iniisip, sinasabi, o ginagawa natin, na tumataliwas sa paraan ng Diyos. Ayaw ng Diyos sa kasalanan dahil sinasaktan nito ang mga tao. Ang kasalanan ay nagdudulot ng kalungkutan, karamdaman, tunggalian at kamatayan. Sinasabi ng Bibliya na lahat ng tao ay nagkakasala. Lahat ng tao ay sumasalungat sa paraan ng Diyos (Roma 3:23). Inilayo tayong lahat ng kasalanan sa Diyos. Ang katumbas ng kasalanan ay kamatayan.

## *Sino ang nagligtas sa atin?*

Ang MABUTING BALITA ay mahal na mahal ka ng Diyos! Ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus, upang maibalik ka sa Kanya.


> **"Sapagkat ganito ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa sanlibutan kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."** (Juan 3:16)

Si Hesus ay parehong Diyos at tao. Naging perpekto Siya at hindi kailanman nagkasala. Siya ang nagbayad para sa iyong mga kasalanan nang mamatay Siya sa krus para sa iyo. Ngunit hindi napigilan ng kamatayan si Hesus. Nabuhay Siyang muli! Lumabas Siya sa libingan. Ngayon, mabubuhay ka na nang magpakailanman kasama Siya! Iyon ang mabuting balita!



## *Hindi kailanman mag-iisa!*

Pero hindi lang 'yon. Nang sumagot ka ng OO kay Hesus, binigyan ka ng Diyos ng isa pang regalo — ang Kanyang Banal na Espiritu! Ngayon, nananahan na Siya sa iyo. Binabago ka Niya. Ang Banal na Espiritu ang iyong gabay at katuwang. Puwede mo Siyang kausapin. Palagi ka Niyang sasamahan. Siya ang iyong magiging pinakamatalik na kaibigan.



## *Nasa atin ang desisyon*

Tandaan, si Hesus *lang* ang daan patungo sa Diyos at sa lahat ng mabubuting bagay na mayroon ang Diyos para sa iyo! Sinabi ni Hesus,

> **"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakarating sa Ama kung hindi sa pamamagitan ko."** (Juan 14:6)

Pero hindi tayo pinipilit ng Diyos na piliin Siya. Ayaw ng Diyos ng mga makina. Gusto Niya ng mga kaibigan! Mahal ng Diyos ang mga tao at umaasa Siyang pipiliin nilang mahalin din Siya. Nasa bawat tao ang desisyon na piliin si Hesus.

Kapag pinili nating sumunod kay Hesus, tinatalikdan natin ang ating mga kasalanan, at humihingi tayo ng kapatawaran sa Diyos. Naliligtas tayo kapag sinasabi nating, "Si Hesus ang Panginoon," at naniniwala tayo sa ating mga puso na binuhay Siyang muli ng Diyos mula sa kamatayan.

## *Ama Namin*

Nang gawin mong iyong Hari si Hesus, naligtas ka na at naging anak ng Diyos!

> **"Ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa Kanya ay binigyan Niya ng karapatang maging anak ng Diyos."** (Juan 1:12)

Ikaw ay na kay Hesus! Sabihin ito nang malakas: **"AKO AY NA KAY HESUS!"**

OO! Naging bagong lalang ka ngayon! Sabihin ito nang malakas:

**"AKO'Y NABAGO NA!"**

## *Kaya ... ano na'ng susunod?*


Ngayon ay bahagi ka na ng pamilya ng Diyos. Ikaw ay nasa Diyos, ngayon at magpakailanman! Ibig sabihin nito, puwede mong kausapin ang Diyos anumang oras. Ang pakikipag-usap sa Diyos ay tinatawag na dasal. Kapag nagdadasal ka sa pangalan ni Hesus, maririnig ka ng Diyos at sasagutin ka Niya.

Ibinigay din sa atin ng Diyos ang Kanyang aklat — ang Bibliya! Ito ang isa sa mga paraan ng pakikipag-usap sa atin ng Diyos. Nasa Bibliya ang lahat ng kailangan mong malaman upang masunod si Hesus. Magtabi ng Bibliya at basahin ito nang madalas. Matutulungan ka nitong maging mas mabuting tao sa araw-araw.

Mahalaga ring maghanap ka ng simbahan. Ang simbahan ay isang grupo ng iba pang mananampalataya ni Hesus. Magiging matatalik na kaibigan mo sila! Tutulungan at mamahalin ka nila.

## *Piliing lumago!*

Ang bagong buhay mo sa Diyos ay halos katulad ng isang bagong halaman. Kailangan ng halaman ng araw, tubig, at lupa upang lumaki. Kung wala ang mga bagay na iyon, madaling mamamatay ang halaman. Kailangan mo ang ilaw ng Bibliya. Kailangan mo ng ugnayan sa Banal na Espiritu. At kailangan mo ng simbahan. Tulad ng isang halaman, ikaw ay lalago, tatayog, at magniningning para kay Hesus!



WNHS_Tagalog_Leaflet_Final.indd 4-5 2025/02/07 12:21:18